UK Health Security Agency

NHS CARE



# Isang gabay para sa programa ng pagbabakuna laban sa COVID-19 sa panahon ng tagsibol ngayong 2025

**Aalukin ang mga taong nasa 75 anyos pataas, mga residente ng mga care home para sa mga matatanda, at yaong mga nasa edad 6 na buwan pataas na may mahinang immune system, ng isang dosis ng bakuna laban sa coronavirus (COVID-19) ngayong panahon ng tagsibol.**

## Sino ang binibigyan ng bakuna sa panahon ng tagsibol?

Higit na malubha ang COVID-19 sa mga mas matatanda at mga taong may umiiral na mga kondisyon sa kalusugan. Sa mga kadahilanang ito, ang mga taong nasa 75 anyos pataas, mga nasa care home para sa matatanda, at mga nasa edad 6 na buwan pataas na may mahinang immune system ay inaalok ng isang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 sa panahon ng tagsibol.

## Pagtatakda ng oras para sa bakuna sa panahon ng tagsibol

Dapat kang maalok ng appointment sa pagitan ng Abril at Hunyo, na ang unang papupuntahin ay ang mga may pinakamataas na panganib. Iimbitahan kang kunin ang iyong booster nang mga 6 na buwan pagkatapos ng iyong huling dosis, ngunit maaari mo itong makuha kahit sa loob ng 3 buwan.

Kung magiging 75 taong gulang ka sa pagitan ng Abril at Hunyo, hindi mo na kailangang maghintay hanggang sa iyong kaarawan, maaari kang pumunta kapag tinawag ka para sa pagbabakuna.

## Aling bakuna ang ibibigay sa iyo?

Bibigyan ka ng dosis na booster ng bakunang ginawa ng Pfizer o Moderna at naaprubahan sa UK. Na-update ang mga bakunang ito mula sa orihinal na mga bakuna at nagta-target ng ibang variant ng COVID-19. Pinalalakas nang maigi ng mga na-update na bakunang ito ang proteksyon, at nagbibigay ng bahagyang mas mataas na antas ng antibody laban sa mga pinakabagong strain ng COVID-19 (Omicron).

Dahil hindi natin mahuhulaan kung aling mga variant ng COVID-19 ang lalabas ngayong tagsibol at tag-init, napagpasyahan ng Joint Committee on Vaccination and Immunization (JCVI) na ang dapat gamitin ay ang bakunang ginamit noong mga huling linggo ng programa sa panahon ng taglagas 2024.

> Mangyaring tanggapin kaagad ang pagbabakunang inaalok sa iyo hangga't magagawa mo - iaalok ang tamang bakuna para sa iyo sa tamang oras.



## Sino ang hindi maaaring tumanggap ng inaalok na bakuna sa panahon ng tagsibol

Mayroong iilang taong hindi karapat-dapat na magkaroon ng dosis ngayong tagsibol. Kung nagkaroon ka ng matinding reaksyon sa nakaraang dosis ng bakuna, dapat mong talakayin ito sa iyong doktor.

## Mga side effect

**Mga karaniwang side effect:** Tulad ng iyong nakaraang dosis, pareho ang mga karaniwang side effect sa lahat ng mga bakuna laban sa COVID-19, kabilang ang mga na-update na bakunang ginagamit ngayong tagsibol at kasama ang:

- pagkakaroon ng masakit, mabigat na pakiramdam at pananakit sa braso kung saan ka nagpaturok – ito ay kadalasang pinakamalala nang mga 1 hanggang 2 araw pagkatapos ng pagbabakuna
- pakiramdam na pagod
- pananakit ng ulo
- pangkalahatang pananakit o banayad na mga sintomas tulad ng trangkaso

Maaari kang magpahinga at uminom ng paracetamol (sundin ang payong nakalagay sa pakete ukol sa dosis) para makatulong na bumuti ang iyong pakiramdam.

Karaniwang tumatagal ang mga side effect pagkatapos ng pagbabakuna nang wala pang isang linggo. Kung tila lumalala ang iyong mga sintomas o kung nag-aalala ka, maaari kang tumawag sa NHS 111 o 18001 111 kung text/telepono.

Maaari ka ring mag-ulat ng mga pinaghihinalaang side effect ng mga bakuna at gamot. Tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa panukalang ito sa likod ng Polyeto.

**Mga malulubhang side effect:**
Bibihirang naiuulat ang mga kaso ng pamamaga ng puso (tinatawag na myocarditis o pericarditis) pagkatapos ng pagbabakuna ng parehong Pfizer at Moderna laban sa COVID-19. Ang mga kasong ito ay kadalasang nakita sa mas nakababatang lalaki at sa loob ng ilang araw mula ng mabakunahan. Bumuti ang pakiramdam at mabilis na gumaling ang karamihan sa mga taong naapektuhan matapos ang pahinga at simpleng paggamot. Dapat kang magpatingin agad sa doktor kung, pagkatapos ng pagbabakuna, ay nakararanas ka ng:

- pananakit ng dibdib
- pangangapos ng hininga
- pagkadama ng pagbilis ng tibok, pagpintig o pagkabog ng puso

Kung nagkaroon ka ng malubhang side effect pagkatapos ng isang nakaraang dosis, maaari kang payuhang iwasan o ipagpaliban ang karagdagang pagbabakuna. Dapat mong talakayin ito sa iyong doktor o espesyalista. Pakitingnan ang likod na pahina ng polyeto para sa kung paano mag-ulat ng mga side effect.

## Ano ang dapat mong gawin kung masama ang iyong pakiramdam sa araw ng iyong appointment?

Kung masama ang iyong pakiramdam, maghintay hangga't gumaling ka bago magpabakuna. Hindi ka dapat pumunta sa appointment kung mayroon kang lagnat o sa tingin mo ay nakahahawa ka sa iba.



## Maaari ka pa rin bang mahawahan ng COVID-19 pagkatapos magpabakuna?

Mababawasan ng bakuna laban sa COVID-19 ang posibilidad na magkasakit nang matindi dahil sa COVID-19 ngayong tagsibol at tag-init. Maaaring tumagal nang ilang araw bago makabuo ang iyong katawan ng karagdagang proteksyon mula sa dosis. Tulad ng lahat ng gamot, walang bakuna ang ganap na epektibo. Maaari pa ring mahawahan ng COVID-19 ang ilang tao sa kabila ng pagbabakuna, ngunit hindi dapat ganoon kalala ang anumang impeksyon.

## Kung hindi ka pa nakakakuha ng lahat ng iyong pagbabakuna

Kung karapat-dapat ka pero hindi pa nabakunahan dati o may nakaligtaang nakaraang dosis, dapat kang makakuha ng isang dosis ngayong tagsibol. Hindi kailangan ng karamihan sa mga tao ng dagdag na mga dosis para makabawi sa mga nakaligtaan nila. Kung mayroon kang napakahinang immune system, maaaring magrekomenda ang iyong doktor ng dagdag na dosis tatlong buwan matapos mong magpabakuna sa panahon ng tagsibol.

## Kailangan ko bang maghintay pagkatapos kong magpabakuna?

Kung mayroon kang history ng mga allergy, o kung nagkaroon ka kaagad ng reaksyon pagkatapos ng nakaraang dosis, maaari kang payuhang manatili nang 15 minuto pagkatapos ng pagbabakuna. Siguruhing sabihin mo ito sa tagapagbakuna.

## Higit pang impormasyon

Maaari mong basahin sa ibaba ang mga gabay tungkol sa COVID-19 para sa higit pang impormasyon

Bisitahin ang **pagbabakuna laban sa coronavirus (coronavirus vaccination)** sa NHS.UK.

Maaaring i-download o orderin ang polyeto ng impormasyon sa **kung ano ang aasahan pagkatapos ng pagbabakuna**.

Basahin ang tungkol sa mga bakuna ng Pfizer para sa **mga nasa hustong gulang at kabataang nasa edad 12 taon pataas,** para sa **mga batang edad 5 hanggang 11 taon** at **mga batang edad 6 na buwan hanggang 4 na taon,** at sa bakuna ng Moderna **para sa mga nasa hustong gulang** para sa mga detalye tungkol sa iyong bakuna, kasama ang mga maaaring side effect.

Iimbitahan ka para sa iyong booster, maaaring ialok sa iyo ng iyong GP ang bakuna o maaari kang mag-book gamit ang **NHS app**.

Download on the App Store

GET IT ON Google Play

O maaari mong bisitahin ang **www.nhs.uk/vaccine-walk-in** para mahanap ang pinakamalapit sa iyo na lugar ng pagbabakuna.

Maaari ka ring mag-ulat ng mga pinaghihinalaang side effect sa website ng Yellow Card o sa pamamagitan ng pagtawag sa 0800 731 6789 (9am hanggang 5pm Lunes hanggang Biyernes) o pag-download ng Yellow Card app

**www.mhra.gov.uk/yellowcard**



© Crown copyright 2025. 1p 750k MAR 2025 (APS) Product code: C25SP2TAG Tagalog. UK Health Security Agency gateway number 20241115. The leaflet can be ordered using the above product code, or downloaded from: **www.healthpublications.gov.uk**, by calling: 0300 123 1002 (lines are open 8am to 6pm Monday to Friday).

There are also translated versions of this leaflet in Albanian, Arabic, Bengali, Bulgarian, Chinese (simplified), Chinese (traditional, Cantonese), Estonian, Farsi, French, Greek, Gujarati, Hindi, Italian, Latvian, Lithuanian, Pashto, Polish, Portuguese, Punjabi, Romanian, Romany, Russian, Somali, Spanish, Tagalog, Tetum, Tigrinya, Turkish, Twi, Ukrainian, Urdu, Yiddish and Yoruba. You can also download an audio version and BSL video, and order a braille and large print copy.